


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 5:

# Pananakop Ng Mga Hapones



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nenette L. Morido
**Editor:** Genevieve C. Bael
**Tagasuri:** Florence S. Gallemit
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:**
**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres, Ed.D – Regional Director
Eugene B. Penales, Ed.D- CLMD Chief
Sonia D. Gonzales, Ed.D - EPS In Charge of LRMS
Sonia D. Gonzales, Ed.D - Regional ADM Coordinator
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D - CID Chief
Jephone P. Yorong, Ed.D - Division EPS In Charge of LRMS
Jephone P. Yorong, Ed.D - Division ADM Coordinator



## Alamin

Sa araw na ito, ating inaasahang at gawing nakalaan para sa araling ito:

Pagkatapos ng modyul, ikaw ay inaasahang:

1. Natatalakay ang mga layunin at mahahalagang pangyayari sa panakop ng mga Hapones.
   Hal.
   Pagsiklab ng Digmaan
   Labanan sa Bataan
   Death March
   Labanan sa Corregidor
2. Napapahalagahan ang mahalagang pangyayaring ito



## Balikan

Bago natin simulan,magbaliktanaw muna tayo sa inyong nakaraang leksiyon.

A. Natutukoy ang mga mahahalagang detalye hinggil sa Pananakop ng mga Amerikano.

Panuto: Tukuyin ang isinasaad ng bawat pahayag sa hanay A. Piliin ang sagot sa hanay B. Titik lamang ang isulat sa linya.

| | |
|---|---|
| ____1. Barkong lumubog sa Havana, Cuba. | A. William Mckinley |
| ____2. Nanguna sa Labanan sa Balangiga. | B. Heneral John Bates |
| ____3. Nagwakas ang Digmaang Pilipino – Amerikano sa kanyang pagsuko. | C. Hen. Miguel Malvar |
| ___4. Lumagda sa Kasunduan sa pagitan ng Sultan ng Jolo at Amerikano. | D. Hen.Gregorio Del Pilar |
| ____5. Nagpahayag ng Benevolent Assimilation | E. Maine |

| Aralin 5 | Pananakop Ng Mga Hapones |
|---|---|



**Tuklasin**

### MOTIBO NG PANANAKOP NG HAPONES SA PILIPINAS

Ang Pilipinas ay paunlad na nang paunlad lalo na sa kabuhayan,nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sakupin ito ng mga Hapones. Ang tanging layunin nito kung bakit nais sakupin ng mga Hapones ay (1) Mapalawak ang territoryo sa mga bansa sa Asya (2) Maghanap ng mapagdadalhan ng mga produkto nila at makukuha ng hilaw na materyales(3) Ipatupad ang planong magtatag ng bagong kaayusan sa Asya na tatawaging Greater East Asia Co-Prosperity Sphere.

Noong ika-8 ng Disyembre 1941 biglang sinalakay ng mga Hapones ang Pearl Harbor, ang himpilan ng hukbong dagat ng mga Amerikano sa Hawaii. Ang pataksil na pagsalakay sa Pearl Harbor ay tinawag na " Araw ng Kataksilan". Limang bapor pandigma ang lumubog at halos 200 eroplano ang nawasak, 2043 ang nawawala at 1,178 ang nasugatan. Kinabukasan ay hiniling ni Pangulong Roosevelt sa Kongreso na magpahayag ng pakikidigma sa Hapon. Sumagot ang Hapon sa pamamagitan ng pagpapahayag din ang pakikidigma sa Estados Unidos at Inglatera.

Sapagkat kailangan ng Hapon ang mga likas na kayamanan ng mga kolonya ng Estados Unidos, Inglatera, Olanda- gaya ng bakal, kopra, bulak, goma, langis,pagkain at iba pa na wala sa Hapon ang ginawa nito ay sabay na sinalakay ang Malaya,Pilipinas at Indonesia.

Ilang oras matapos salakayin ang Pearl Harbor,ang mga eroplanong pandigma ng Hapon ay sumalakay na sa Pilipinas. Winasak ang Hukbong Panghimpapawid sa Clark Field, Pampanga. Pagkatapos ng dalawang oras,tumungo ang nga Hapon sa Hilagang Luzon. Ang Pilipinas sa pamumuno ni Pangulong Manuel L. Quezon at ni Heneral Douglas McArthur ay magiting na lumaban. Nagsanib pwersa ang hukbong Pilipino at Amerikano upang magapi ang puwersa ng mga Hapones.

Ngunit hindi sapat ang katapangan at kagitingan upang magapi ang mananakop.Ang USAFFE noon ay kulang na kulang sa mga eroplano at mga kagamitang pandigma sa dahilan ng lubhang malayo ang Estados Unidos sa Pilipinas at ang Pasipiko na nakapagitan sa dalawa.Kaya nang sumunod na mga raw at lingo ang hukbong sandatahan ng Hapon ay nagpatuloy sa kanilang pananakop sa Pilipinas.Unti-unti nang napasakamay ng mananakop ang ibat't ibang bahagi ng Pilipinas. Namg malapit nang marating ang nga ito sa Maynila ay ideneklara ni MacArthur noong Disyembre 26, 1941 na ito ay "Bukas na Siyudad " (Open City) upang ito'y iligtas sa trahedya ng digmaan.

### LABANAN NG BATAAN AT CORREGIDOR AT ANG DEATH MARCH

Walang Humpay ang ginawang pananakop ng mga Hapones sa buong kapuluan ng Pilipinas.Habang ang bansa ay patuloy na sinakay ay sumisidhi ang sakit ni Manuel L. Quezon kaya napagtanto ni MacArthur na umurong at tumingo patungong Bataan.

Bagamat labag sa kalooban ni Quezon ay nahimok din siya na tumungo sa Corregidor kasama sina Osmena, Manuel Roxas,at kalihim ng Hustisya si Jose Abad Santos.Samantala,naiawan si Jose P. Laurel sa Maynila upang tumulong kay Jose B. Vargas, ang Kalihim na Tagapagpaganap ni Quezon.

Sa payo ni Pangulong Roosevelt, sina Quezon ay inialis sa Corregidor noong ika-20 ng Pebrero,1942 at lihim na pinapunta sa Australia. Samantalang si Heneral MacArthur, kasama ang kanyang pamilya at pinunong military ay tumungo sa Australia noong Marso 11, 1942 upang pamunuan ang pwersang Amerikano sa timog Kanlurang Pasipiko. Humalili sa kanya bilang kumander ng USAFFE si Hen. Jonathan Wainwright.

Noong Abril 9,1942, ang hukbo ni Hen. Masaharu Homma, Ang Kumander ng hukbong Hapon ay sumalakay nang walang awa sa pangkat ng USAFFE, na sa panahong iyon ay talagang nakagulapay na dahil sa matinding gutom,uhaw, sakit at hirap na kanilang dinaranas. At sa miserableng kalagayang iyon ng mga kawal, si Hen. Edward P. King,kumander ng puwersang USAFFE sa Bataan ay sumuko sa mga Hapon nang walang pahintulot ni Wainwright. Si Heneral Edward King, kumander ng puwersang USAFFE SA Bataan ay sumuko rin. Ang pagsukong ito ang nagbigay-hudyat sa pagwawakas ng Labanan sa Bataan.

Pagkatapos nito ay nilusob naman ng mga Hapones ang Corregidor,halos walang patid na binomba at pinuksa ang himpilan ng USAFFE, rito,na naging dahilan upang sumuko si Heneral Wainwright noong Mayo 6, 1942. Hiniling ni Heneral Homma na isuko ni Wainwright ang buong puwersa ng USAFFE sa Pilipinas.Kaya,ipinakalat niya sa pamamagitan ng radio ang utos niyang sumuko na ang lahat ng puwersa ng USAFFE sa buong kapuluan. Ang karamihan sa kumander sa Luzon, Visayas, at Mindanao ay sumunod sa kanyang utos,ngunit may ilang matatapang na hindi sumuko, sa halip ay namundok at naging gerilya. Ang Labanan ng Corregidor na nangyari noong Mayo 6, 1942 ang pagtatapos ng pangangampanya ng mga Hapones upang sakupin ang Komonwelt ng Pilipinas

Kaugnay nito ay nangyari ang hindi malilimutang paghihirap ng mga Hapones sa mga sundalong Amerikano at Pilipino, ang kahila-hilakbot na Martsa ng Kamatayan o Death March. Libo-libong mga sundalo ang nagmartsa sa loob ng 7 hanggang 11 araw nang walang pagkain o tubig man lamang mula Mariveles, Bataan patungong Camp O'Donnel sa Capas, Tarlac. Sa gitna ng matinding init, hirap, at paghihina ay walang awa silang pinalakad, pinalo ng baril, at binayoneta kapag hindi makasunod. Lampas diumano sa 10,000 sundalong Filipino at 1,200 sundalong Amerikano ang nasawi sa gutom, sakit at pahirap. Ang Death March ay tumutukoy sa sapilitang pagpapalakad sa humigit kumulang na 70,000 na bihag na sundalong Filipino at Amerikano ng halos 100 kilometro mula Mariveles Bataan patungong Capas, Tarlac.

Ang pangyayaring ito ay itinuring na isa sa pinakamalupit na paghihirap sa ginawa ng mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



## Suriin

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Bakit sinakop ng mga Hapones ang Pilipinas?
2. Paano napasailalim sa kapangyarihan ng Japan ang Pilipinas?
3. Ano ang pinakamahalagang pangyayari na naganap nang bumagsak ang Bataan ang Bataan at Corregidor sa kamay ng mga Hapones?
4. Ano ang Death March?
5. Paano ninyo ialarawan ang pangyayaring naganap sa Death March?
6. Makatarungan ba ang ginawang pagpapatuloy ng Japan sa pananalakay gayong nakiusap ang US na panatilihin ang kapayapaan? Bakit?

7. Dapat bang pahalagahan ang mga sakripisyo at pagpapasakit ng mga Pilipino noong panahon ng digmaan? Bakit at sa paanong paraan?
8. Ano sa iyong palagay ang naging epekto ng mga pangyayaring ito sa Pilipinas?



**Pagyamanin**

**Gawain 1**. Kilalanin nang may kawastuhan ang mga pahayag. Isulat sa linya ang **Tama** kung wasto ang pangungusap at mali naman kung **Mali** ang sinasaad nito.

_______1. Ang bansang Hapon ay matatagpuan sa Timong Silangan ng Asya.
_______2. Axis Powers ang taguri sa mga bansang kinabibilangan ng Alemanya, Italya at Hapon.
_______3. Ang mga Amerikano ang unang sumalakay sa mga Hapones kaya bilang ganti ay binomba ng Hapon ang Pearl Harbor.
_______4. Dahil sa lakas ng pwersa ng USAFFE ay hindi nagawang pasukin ng mga Hapones ang Maynila.
_______5.Noong Abril 9, 1942 ay buong giting na tinalo ng USAFFE ang hukbong Hapon na pinangunahan ni Hen. Masaharu Homma.

**Gawain 2** . Piliin sa hanay B ang tinutukoy sa hanay A. Titik lamang ang isulat sa loob ng kahon.

| A | B |
|---|---|
| 1. Nagtungong Australia si MacArthur | A. Disyembre 8, 1941 |
| 2.Bumagsak ang Corregidor | B. Disyembre 26, 1941 |
| 3. Idineklarang “Open City “ang Maynila. | C. Abril 9, 1942 |
| 4.Sinalakay ng mga Hapones ang Pearl Harbor. | D. Mayo 6, 1942 |
| 5. Nagwakas ang labanan sa Bataan. | E. Marso 11, 1942 |

B. Mahalagang Tao

| A | B |
|---|---|
| 6. Kumander ng pwersang USAFFE sa Bataan na sumuko sa mga Hapones | A. Masaharu Homma |
| | B. Jonathan Wainwright |
| 7.Pangulo ng Estados unidos nang sakupin ng Hapon ang Pilipinas. | C. Franklin Roosevelt |
| 8.Unang kumander ng USAFFE. | D. Edward King |
| 9.Pinuno ng hukbong Hapon nang sumalakay sa Bataan. | F. Douglas MacArthur |
| 10.Lider ng USAFFE nang ganap nang nasakop ang Pilipinas. | |

Gawain 3. Isulat ang mga layunin ng pananakop ng mga Hapones ng Pilipinas.

Mga Layunin ng Pananakop ng mga Hapones



# Isaisip

Punan ng wastong sagot ang patlang.

1. Naganap ang pagsalakay ng mga Hapones sa Pearl Harbor.__________.
2. Idineklara ni MacArthur bilang “OPEN City” ang Maynila noong _______.
3. Ito ang lugar na tanging hadlang sa pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas_______________________________________________.
4. Hindi lahat ng mga matatapang na sundalo ang sumuko sa mga Hapones sa halip sila ay ________________________at ___________________.
5. Ito ay tumutukoy sa sapilitang pagpapalakad ng mga sundalong Filipino at Amerikano na kung saan marami ang namatay. ________________.



# Gawain

Sagutin ang mga sumusonod na mga tanong.

1. Paano naipakita na minsan ang pagkatalo ay simblo rin ng pagkapanalo?
2. Paano mo mapapasalamatan ang bayaning sundalo nakipaglaban sa mga Hapones?
3. Kung ikaw ay buhay na noong panahong na ang Pilipinas ay sinakop ng Hapon, paano mo ipamalas ang iyong pagmamahal sa ating Inang Bayan?



# **Tayahin**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.Kailan binomba ang Pearl Harbor?
A.Disyembre 6, 1941 B. Disyembre 8,1941
C. Disyembre 10,1941 D. Disyembre 12, 1941

2.Sino ang Pangulo ng Pilipinas sa panahon ng pagsalakay ng mga Hapones?
A.Pangulong Fidel Ramos B. Pangulong Rodrigo R. Duterte
C.Pangulong Manuel L. Quezon D. Pangulong Roxas

3. Saan nagmula ang nilakad ng mga sundalong Filipino at Amerikano sa panahon ng Death March?
A. Bataan patungong Capas, Tarlac B. Manila hanggang Bataan
C. Dapitan patungong Pagadian D. Quezon patungong Tarlac

4..Ito ang pinakahuling baluarte na sumuko sa Asya. Alin dito sa mga lugar sa ibaba ang tinutukoy sa pangungusap?
A.Bataan B. Corregidor C. Maynila D. Pasipiko

5. Kailan ganap na bumagsak ang bansa sa kamay ng mga Hapones?
A. Disyembre 7, 1941 B. Enero 2, 1942
C. Pebrero 2, 1942 D. Mayo 6, 1942

6. Sino ang kumander ng mga Hapones nang lusubin ang USAFFE?
A. Tenyente Heneral Masaharu Homma B. Tenyente Hen. Mc Arthur
C. Tenyente Hen.Nagazaki D. Tenyente Juan Luna

7. Anong dahilan upang sumuko si Heneral Waiwright sa mga Hapones?
A. Dahil nakipagsabwatan na siya sa mga Hapones.
B. Dahil pagod na siya sa pakikipgalaban.
C.Dahil binigyan siya ng malaking halaga ng pera.
D. Dahil wala nang patid na binomba at pinuksa ang himpilan ng USAFF

8. Bakit naging “Open City” ang Maynila?
   A. Upang buksan ang mga daanan.
   B. Upang hindi na makapasok ang mga Hapones.
   C. Upang marami ang pumasok na negosyo.
   D. Upang ito’y iligtas sa trahedya ng digmaan.
9. Paano nakatulong ang Corregidor sa digmaan?
   A. Nagsilbing huling tanggulan.
   B. Nasilbing piitan o bilangguan.
   C. Huling pinagtaguan nina Hen. McArthur at Pangulong Quezon.
   D. Lahat ng mga nabanggit.
10. Bakit maraming sundalong Filipino at Amerikano ang namatay sa Death March?
   A. Dahil nilagyan ng lason ang kanilang pagkain ng mga Hapones.
   B. Dahil hinulog sila sa bangin ng mga Hapones.
   C. Dahil sa gutom,pagod at paghihirap na kanilang dinanas.
   D. Dahil pinagbabaril ng mga sundalong Amerikano ang mga sundalong Filipino.

## Karagdagang Gawain

Bumuo ng timeline na ipinakita ang mga pangayayari sa bansa sa pagsisimula ng pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas

## Susi sa Pagwawasto

Balikan

1.E

2.D

3.C

4.B

5.A

Pagyamanin

Gawain 1 Gawain 2

1.Mali 2.Tama 3.Mali 4. Mali 5. Mali

Gawain 2

1.B 2.D 3.B 4.A 5.C 6.D 7.C 8. 9.A 10. B

Gawain 3

(1) Mapalawak ang territoryo sa mga bansa sa Asya (2) Maghanap ng mapagdadalhan ng mga produkto nila at makukuha ng hilaw na materyales(3) Ipatupad ang planong magtatag ng bagong kaayusan sa Asya na tatawaging Greater East Asia Co-Prosperity Sphere.

Isaisip

1.Disyembre 8,1941

2.Disyembre 26,1941

3. Cordillera

4. namundok at naging gerilya

Tayahin

1.B 2.C 3.A 4.B 5.D

6.A 7.D 8.D 9.D 10.C

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.